Mga Alituntunin ng Pagtuturo at Pag-aaral

PANGULONG BOYD K. PACKER
Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

ELDER L. TOM PERRY
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

KANAN: LARAWANG KUHA NI MATTHEW REIER, GINAMITAN NG MGA MODELO

Pagtuturo at Pag-aaral

Pangulong Packer: Ang ating paksa ay pagtuturo at pag-aaral ng ebanghelyo ni Jesucristo, kapwa sa silid-aralan at sa tahanan. Tayong lahat—mga lider, guro, misyonero, at mga magulang—ay may panghambuhay na hamon mula sa Panginoon na kapwa ituro at pag-aralan ang mga doktrina ng ebanghelyo na inihayag sa atin.

Magsisimula tayo sa maikling usapan namin ni Elder L. Tom Perry tungkol sa mga alituntunin na batayan ng mabuting pagtuturo. Naatasan akong magbahagi ng ilang personal na karanasan na nagturo sa akin ng maraming bagay tungkol sa pagtuturo at pag-aaral o pagkatuto. Kung manonood at makikinig kayong mabuti, mapapansin ninyo na upang maging mabuting guro kailangang handa rin kayong matuto.

Ang pag-uusap namin ay susundan ni Elder Jeffrey R. Holland, na magtuturo sa atin ng paghahanda sa pagtuturo. Pagkatapos ay makakasama niya ang isang silid ng mga estudyante upang magpakita ng halimbawa ng pagtuturo sa silid-aralan.

Kahit sino sa Labindalawa ay epektibong makapaglalahad nito. Bawat isa ay magiging kaiba sa kanyang pamamaraan. Hindi iisa lang ang pamamaraang ginagamit ng lahat ng guro o situwasyon. Napakahalaga ng Espiritu upang magabayan tayo sa sarili nating paghahanda, karanasan, personalidad, kaalaman, at patotoo sa alinmang partikular na pagtuturo.

Mga Responsibilidad ng mga Lider

Ang mga lider ay may responsibilidad na magturo, sila man ay nasa mga council o interbyu o sumasamba. Responsibilidad din nilang tiyakin na ang pag-unlad ng guro at epektibong pag-aaral ng ebanghelyo ay patuloy na ginagawa ng mga miyembro.

Dahil dito, ang Unang Panguluhan ay nagpalabas ng liham noong Nobyembre 17, 2006, na itinitigil ang mga katungkulan ng ward at stake teacher improvement coordinator. Kalakip sa liham ang listahang "Responsibilidad ng mga Lider sa Pagpapahusay ng Guro." Tiwala kami na sa mga alituntuning itinuturo sa brodkast na ito, pati na ang mga mungkahi at sangguniang binanggit sa liham, ang mga lider ng priesthood at auxiliary ay magpapayuhan sa isa't isa upang paghusayin lalo ang pagtuturo at pag-aaral ng ebanghelyo. Hindi kailangang magdaos ng espesyal na mga miting para sa pagpapahusay ng guro bukod sa inyong mga council at interbyu sa tuwina kung kinakailangan.

Dalangin naming makatulong sa inyo ang brodkast na ito sa pagsasanay upang maging mas mababuting guro at estudyante ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Kahandaang Matuto

Elder Perry: President, sumulat ka ng aklat na pinamagatang *Teach Ye*

Ang mga pagtatanghal sa pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno na ito ay makatutulong upang humusay kayo bilang guro at mag-aaral. Upang matukoy at maipamuhay ang mga ideya sa mga pagtatanghal na ito, basahin ang impormasyon na nasa dilaw na mga kahon na inilagay sa simula ng bawat pagtatanghal. Maaari rin ninyong markahan ang mga banal na kasulatan at mahahalagang kataga sa mga pagtatanghal at isulat ang natatanggap ninyong impresyon.

Basahin ang pambungad na pananalita ni President Packer. Alamin ang mga ideya na makatutulong sa inyo na maging mas mabuting guro at mag-aaral.

Pag-isipang mabuti ang kasunod na tanong, at isulat ang mga ideya at impresyong dumarating sa inyo: Ano ang dapat kong gawin upang matiyak na nasa akin ang Espiritu sa aking pagtuturo sa tahanan at sa simbahan?

Ano sa palagay ninyo ang tumutulong upang maging epektibong tagapakinig si President Packer?

Diligently. Lahat ng posisyon sa Simbahan ay nangangailangan ng mahusay na guro. Ito ang pinakamahalagang calling natin. Maaari ba tayong mag-usap nang ilang minuto tungkol sa masigasig na pagtuturo bilang isang pangangailangan sa marami nating calling sa Simbahan?

President Packer: Nahirang akong seminary supervisor, at wala akong kaalam-alam. Inasayn ako noon, nagtrabaho, at sinuwelduhan sa katunayan para libutin ang Simbahan saanman dako upang sabihin sa mga guro ng seminary kung paano magturo at ano ang nagawa nilang mali. Nakakahiya iyon, dahil kailangan kong pumunta sa isang klase at tingnan ang mga guro sa ginagawa nila at itama sila na alam ko namang ginagawa ko na sa bawat pagtuturo ko sa kanila, at may natutuhan ako rito.

Sina Elder Harold B. Lee at Elder Marion G. Romney ay palaging nagtuturo, at sila, sa madaling salita, ay masigasig magsabi o magturo sa akin ng isang bagay. Sa palagay ko kaya nila ginawa ito ay—hindi ako sigurado kung nakinita nila ako sa posisyon o tungkuling ito—dahil may isa akong katangian: gusto kong matuto, at ikinatuwa ko ito. At kung ikinatutuwa ninyo ito, at gusto ninyong matuto, patuloy kayong tuturuan ng Panginoon, magkaminsan ng mga bagay na hindi ninyo talaga naisip na gusto ninyong malaman.

Kapwa ako tinuruan ng mahuhusay na guro na iyon. Kapag nakikita ko si Brother Romney, minsan sasabihin niya, "Iho, may sasabihin ako sa iyo." Alam kong tatagubilinan niya ako. Sasabihin niya na may nagawa akong bagay na hindi ko dapat ginawa, at palagi ko siyang pinasasalamatan.

Maaga kong natutuhan na napakahalagang makinig sa karanasan ng matatanda. May stake president ako na minsan ay nagsabing, "Sinisikap ko palagi na makasama ang dakilang mga tao." Nakatira siya sa maliit na bayan sa Idaho, ngunit sinabi niyang, "Kung may dumarating na magbibigay ng lektyur o mahalagang bagay, palagi kong sinisikap na makapunta roon, sapagkat matututo ako."

Palagi akong nakikipag-usap sa matatanda (ngayon isa na ako sa kanila). Naaalala ko pa sa Korum ng Labindalawa, si LeGrand Richards ay hindi kasingbilis maglakad ng iba pang Mga Kapatid, at lagi akong naghihintay at binubuksan ang pinto para sa kanya at sumasabay sa kanya sa paglalakad pabalik sa gusali. At isang araw sinabi ng isa sa mga Kapatid, "Ah, napakabait mo at inaalalayan mo si Brother Richards." At naisip ko, "Hindi mo alam ang pakay ko," dahil kapag magkasabay na kami, nakikinig lang ako sa kanya. Alam ko na naaalala niya si Wilford Woodruff, at magsasalita siya. Ang isahang pagtuturo ay napakabisa. Karaniwan ang isahang pagtuturo ay nangyayari kapag kayo ay itinatama.

Ang isa pang alituntunin ng pagtuturo ay gumising nang maaga (tingnan sa D at T 88:124)—subalit ang madaling bahagi niyan, o mahirap na bahagi, ay matulog—at pagkatapos ay magmuni-muni sa umaga kapag malinaw na ang inyong pag-iisip. Diyan dumarating ang mga ideya para magturo.

Hindi ko alam kung gaano kadalas dumarating ang asaynment at wala akong clue kung ano ang gagawin ko. Kahapon nasa miting ako ng mga General Authority. Alam ko na una akong magsasalita, at naisip ko, "Ano ang sasabihin ko?" At tiwala ako na darating ito, at dumating nga.

Paggamit ng mga Banal na Kasulatan

Elder Perry: Ano ang kahalagahan ng paggamit ng mga banal na kasulatan sa iyong pagtuturo?

KALIWA: LARAWANG KUHA NI MATTHEW REIER, GINAMITAN NG MGA MODELO; KANAN: LARAWANG KUHA NI MATTHEW REIER

President Packer: Palagi akong umaasa sa mga banal na kasulatan. Ang pinakamagandang halimbawa ng pagtuturo at paano magturo, ang pinakamahusay na huwaran para sa mga pamamaraan ng pagtuturo, bukod sa paksa, na siyang ebanghelyo, ay ang Panginoon at ang Kanyang turo. Kaya nga ayaw kong pumunta sa pulpito o tumayo sa harap ng klase nang hindi dala ang aking mga banal na kasulatan. Dala ko ngayon ang mga ito.

Elder Perry: President, dala-dala mo palagi ang mga banal na kasulatan na iyan. Tuwing kasama kita, dala mo ang mga iyan. Minsan ikinuwento mo sa amin kung paano iyan nabasa ng tubig, at nakatulong iyon dahil mas mabilis mong naililipat ang mga pahina nito.

President Packer: Kasi, nag-aaral ako noon sa may hardin, tinawag ako at naiwang bukas ang aking mga banal na kasulatan sa maliit na mesa—nalimutan ko ang mga ito, tulad ng nagagawa ng matatanda—at bumukas ang sprinklers. Lumabas ako kinaumagahan at naalalang, "Naku, ang mga banal na kasulatan ko na minarkahan ko sa loob ng 50 taon, sira na." Nalaman ko na natanggal lamang ang mga pahina nito. At naisip ko na kung bibili ako ng bagong mga banal na kasulatan pauulanan ko muna ang mga ito bago gamitin.

Elder Perry: Palagi tayong kinakausap ng mga tao tungkol sa mga banal na kasulatan at, ilan sa kanila, ay nahihirapang maunawaan ang mga ito. Paano mo gagawing kaaya-aya at kawili-wili ang mga banal na kasulatan sa iyong pagtuturo?

President Packer: Ituloy ang pagbabasa. Naaalala ko nang magpasiya akong basahin ang Aklat ni Mormon, tinedyer pa ako noon. Binuksan ko ito at binasa, "Ako, si Nephi, na isinilang sa butihing mga magulang" (1 Nephi 1:1). At ituloy ang pagbabasa ng mga kabanata, at may natututuhan ako. Nakakawili ito, ipinagpatuloy ko ito hanggang sa mahinto ako sa mga kabanata ni Isaias at pananalita ng propeta sa Lumang Tipan. Kaya makalipas ang ilang buwan nagpasiya akong umpisahang basahin muli ang Aklat ni Mormon. Nabasa ko, "Ako, si Nephi, na isinilang sa butihing mga magulang," pero tuwing ginagawa ko iyan natitigil ako sa mga kabanatang iyon ni Isaias, at iniisip ko bakit inilagay ang mga ito dito. Sa wakas nagpasiya akong basahin ang mga ito. Kaya't noong tinedyer ako, binasa ko lang ang mga ito. Hindi ko naunawaan noon, ngunit nakalampas ako roon at nagpatuloy. Kapag natapos ninyo ang Alma tuloy-tuloy na ito.

Kaya't dapat determinado kayong basahin ang mga ito. At hindi lang basta matuto nang kaunti rito, kundi basahin ang mga ito mula simula hanggang wakas—ang Aklat ni Mormon, Bagong Tipan, Doktrina at mga Tipan, ang Mahalagang Perlas. Sa loob ng maraming taon nakasanayan ko nang basahin ang mga banal na kasulatan tuwing tag-araw kapag may maikli tayong bakasyon sa pagtuturo, para maalala ang nilalaman ng mga banal na kasulatan.

Manalangin at Hingin ang Kaloob na Magturo

Elder Perry: Anong payo ang maibibigay mo sa mga bagong miyembro bago sila tawagin sa unang tungkulin nila bilang guro?

President Packer: Sasabihin ko sa kanila na kaya nila ito. Lahat ay makapagtuturo. Papayuhan ko sila na manalangin para sa kaloob na magturo. Alam ninyo, binabanggit sa Aklat ni Mormon ang mga kaloob at binalangkas ang ilan dito, kabilang sa mga ito ang pagtuturo ng ebanghelyo sa pamamagitan ng Espiritu (tingnan sa Moroni 10:8–10). Nang mabasa ko iyan ilang taon na ang nakalilipas, naisip ko, "Iyan ang kaloob na gusto ko, ang makapagturo sa pamamagitan ng Espiritu." Nalaman ko sa mga banal na kasulatan na kailangan ninyong hilingin ito—kayo'y magsihingi at kayo'y tatanggap—kaya't sasabihin ko sa tao na magpatuloy sa paghingi at "magsihanap kayo at kayo'y mangakasusumpong" (tingnan sa Mateo 7:7; 3 Nephi 27:29) at ang kaloob na iyan ay dapat pagpaguran, subalit darating ito.

Paghahangad sa Espiritu

Elder Perry: Ano ang dapat gawin ng mga guro para matiyak na naroon ang Espiritu sa kanilang pagtuturo?

President Packer: Dapat mamuhay kayo nang karapat-dapat, at humingi ng tulong. At makahihingi kayo ng tulong kung kayo ay mga magulang. At kailangan ninyong sundin ang mga utos at manalangin palagi, hindi nagsasawa para sa kakayahan at inspirasyon na malaman ang gagawin at kailan ito gagawin. At hindi kayo bibiguin ng Panginoon: "Hindi ko kayo iiwang magisa: ako'y paririto sa inyo" (Juan 14:18); "Anuman . . . na iyong hihingin nang may pananampalataya, naniniwalang iyong tatanggapin," ito ay matatanggap mo (Enos 1:15). At idinagdag pa ng isa sa mga banal na kasulatan—*kung* mabuti ito para

sa inyo (tingnan sa Moroni 7:26). Napakapraktikal ng ebanghelyo.

Marahil kayo ay isang taong may edad na, na iniisip na tapos na ang inyong paglilingkod, o kaya'y bata pa na takot sa anumang bagay, o isang ina na abala sa mga anak, o ama na abala sa trabaho, subalit makapagtuturo kayo, at makapagdarasal, at magagabayan. At magiging karapat-dapat na guro. Pagpapalain kayo ng Panginoon, ipinapangako ko iyan sa inyo.

Noong nagtuturo ang Panginoon, lagi Niyang tinatalakay ang mga bagay na alam ng mga tao. Halimbawa, "Tulad din naman ang kaharian ng langit sa isang lambat" (Mateo 13:47) —hindi talaga lambat iyon; inihahalintulad lamang ito; at pagkatapos ay ipinaliwanag Niya kung bakit. At "ang kaharian ng langit ay katulad ng isang taong nangangalakal na humahanap ng magagandang perlas" (Mateo 13:45). Nang ibigay Niya ang talinghaga ng manghahasik (tingnan ang Mateo 13:3–8), nakakaugnay sila sa bagay na iyan, at hindi lamang posible kundi posibleng-posible na matapos Niyang ibigay ang talinghaga ng manghahasik at nagsalita tungkol sa mga binhi na itinapon sa batuhan at sa matabang lupa, na paglipas ng isang buwan, isa sa mga nakikinig doon at nagtatanim, pagkakita niya sa mga binhi sa kanyang mga kamay, ay maaalala ang lesson na iyan.

Kung gagamit kayo ng mga talinghaga at kuwento at paglalarawan, titimo ito sa isipan ng mga estudyante kahit tapos na ang klase. At ang Kanyang paraan ay napakasimple. May mga panahon na Siya'y makatwiran sa paghihigpit, subalit palaging ganoon ang Kanyang pagtuturo upang maunawaan nila ito.

Ang pagtuturo ay sagrado, banal na tungkulin. Ang bagay na naisip kong sabihin sa mga guro ay hindi sila kailanman nagturo nang mag-isa. Ipinangako iyan ng Panginoon sa mga banal na kasulatan. Sinabi ni Alma na itinulot ng Panginoon sa lahat ng bansa, sa bawat wika, na magkaroon ng mga guro (tingnan sa Alma 29:8) at sinabi ng Panginoon, "Masigasig kayong magturo at ang aking biyaya ay dadalo sa inyo" (D at T 88:78).

Hindi ko alam kung paano ituro ang ebanghelyo nang hindi palaging nananalangin. Mabibigkas ninyo ang panalangin, subalit maaaring nasa isipan din ito. Maraming pagkakataon kapag nagtuturo ako sa isang grupo o klase na nananalangin ako sa puso ko, "Paano ko sila matutulungan na makaunawa?" At hindi ko alam kung paano gawin ito malibang makamtan ko ang kapangyarihan ng panalangin.

Ang Responsibilidad na Magturo

Elder Perry: Ang pagtuturo ay mahalaga sa lahat ng aktibidad ng Simbahan. Sino ang may responsibilidad na ihanda ang kanilang sarili na makapagturo?

President Packer: Lahat ay guro—ang lider ay guro; ang tagasunod ay guro; ang tagapayo ay guro; ang mga magulang ay mga guro. Kaya't responsibilidad nating matutuhan ang mga alituntunin ng pagtuturo. Itinayo ng Panginoon ang Kanyang Simbahan upang magawa natin ang lahat sa Simbahan. May pahayag sa Doktrina at mga Tipan na "maka[ka]pangusap ang bawat tao sa pangalan ng Diyos, ang Panginoon, . . . ang Tagapagligtas ng sanlibutan" (D at T 1:20). Mapalad tayong magkaroon ng di-bayarang priesthood, tulad ng tawag dito, upang ang lahat ng kalalakihan ay magtaglay ng priesthood. Lahat ng kababaihan ay maaaring mabigyan ng tungkulin sa Simbahan, at lahat tayo ay magiging magulang. Samakatwid, mahalaga ang pagtuturo sa lahat ng ating ginagawa.

Elder Perry: Nabanggit ninyo ang pagtuturo sa tahanan. Ano ang kaibhan ng pagtuturo sa Simbahan at pagtuturo sa tahanan? May malaki bang kaibhan?

President Packer: Sa tahanan mas personal at mas maganda at mas madali at hindi gaanong pormal, at ang mga magulang ay nagtuturo sa pamamagitan ng halimbawa. Nagtuturo rin ang mga magulang ng ilang bagay na medyo masakit sa mga bata kapag nagtatanong sila ng "bakit," at ang nasasabi lang ng magulang ay "dahil"—dahil hindi nila alam kung bakit, ang alam lang nila ay hindi ito dapat gawin, tinuturuan silang sumunod upang malaman at maunawaan nila. At sa tahanan may matibay na bigkis ng pagmamahalan ang mga magulang at anak na hindi

KALIWA: LARAWANG KUHA NI CRAIG DIMOND, GINAMITAN NG MGA MODELO; KANAN: LARAWANG KUHA NI JED A. CLARK, GINAMITAN NG MGA MODELO

Kailangang mamuhay kayo nang marapat, at kailangan kayong humingi ng tulong. Makahihingi kayo ng tulong kung kayo ay mga magulang. At pagkatapos kailangan ninyong sundin ang mga kautusan at palaging manalangin, nang walang humpay para sa kakayahan at inspirasyon na malaman ang gagawin at kailan ito gagawin.

ninyo maisusuko hangga't hindi ninyo ito naituturo.

Pagtuturo sa Pamamagitan ng Espiritu

Elder Perry: President, paano ninyo maipadarama ang Espiritu mula sa guro patungo sa mga estudyante sa silid-aralan sa paraang magiging makabuluhang karanasan ito sa kanila?

President Packer: Una, kailangang malaman nila na mahal ninyo sila, na gusto ninyong turuan sila. At dapat makipag-usap kayo sa paraang nauunawaan nila. Hindi natin puwedeng sabihin ang mga bagay na hindi nila maunawaan—lalo na sa ebanghelyo—tungkol sa mga paksang hindi sila makaugnay. Hindi iyan ang ginawa ng Panginoon. Nakisalamuha sa kanila ang Panginoon at nangusap sa kanila sa araw-araw, at ang Kanyang mga turo ay laging nasa ganyang antas.

Kung may isang bagay kayong ituturo, talagang gusto nilang matutuhan ito. Kahit mga tinedyer—lalo na ang mga tinedyer—nais nilang matuto. Nauuhaw sila rito.

Iniisip ng maraming guro na kailangan nilang ihanda ang bawat sasabihin nila. Oo at hindi. Kabilang sa paghahandang iyan ang pag-aakma ng pagtatanghal upang makasali ang mga estudyante, at makapagtanong sila at makibahagi rito. Bigyan ng puwang ang inspirasyon.

Ang Espiritu Santo ang nagpapaalala sa atin. Kung nahihirapan tayong ituro ang isang bagay, at inisip natin kung sino tayo at ano ang ginagawa natin, palagi tayong may ilang karanasan o napuntahang lugar o nakitang bagay na maisasama natin sa lesson. At ang mga banal na kasulatan ay bahagi ng lahat ng iyan. Hindi lang ito basta aklat na paulit-ulit ninyong binabasa upang malaman ang mga tuntunin at pamamalakad ng Simbahan.

Ang ilan sa pagtuturong ginagawa sa Simbahan ay masusi , ito ay parang lektyur. Hindi tayo gaanong tumutugon sa mga lektyur sa mga silid-aralan. Nauunawaan natin ito sa sacrament meeting at mga kumperensya, ngunit palitan ng mga ideya ang pagtuturo upang maaari kayong magtanong. Madali kayong makapagtatanong kapag nasa klase.

Halimbawa itinuturo ninyo ang tungkol sa Pagkamatay bilang Martir ni Propetang Joseph Smith. Kayo ay guro ng kasaysayan ng Simbahan, at pinag-aralan ninyong lahat ito, at alam ninyong Hunyo 27, 1844, alas-5 n.h. sa Carthage Jail, nang barilin ang Propeta. Kung itatanong ninyo sa kanila ang oras at saan at kung anu-ano pa tungkol sa pagbaril sa Propeta, walang may alam sa kanila. Hindi ninyo alam ito bago ninyo nabasa ang manwal. Subalit maaari ninyong sabihin, "Ano ang nagdala sa kanya sa sitwasyong iyon? Ano sa palagay ninyo ang nagdala sa kanya doon?" Sa sandaling sabihin ninyong "Ano sa palagay ninyo?" may masasabi sila. Makapag-aambag sila; kahit ang mga mahiyaing estudyante ay may masasabi. Kaya't may paraan sa pagtatanong at pagsubaybay at pangangasiwa ng klase. Sagutin ang mga tanong. Huwag mag-alinlangang magtanong sa klase.

Hindi ninyo maibibigay ang isang bagay na wala sa inyo tulad ng hindi kayo makababalik sa lugar na hindi pa ninyo napuntahan. Kaya't kailangang nasa inyo ang Espiritu. ■